| | Department of Education<br>Region III<br>**DIVISION OF CITY SCHOOLS**<br>Angeles City<br>Jesus Street, Pulungbulu, Angeles City | | Document Code: SDO-QF-OSDS-SDS-005<br>Revision: 00<br>Effectivity date: 10/31/2018 |
|---|---|---|---|
| | **DIVISION ADVISORY** | | Name of Office: **OSDS-SDS** |

**DIVISION ADVISORY**
No. 194, S. 2019

**To** : Heads of Public Elementary and Secondary Schools

**From** : The Schools Division Superintendent

**Subject :** *Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo! Ng Komisyon sa Wikang Filipino*

**Date** : August 15, 2019

---

Please be informed of the attached Advisory No. 052, s. 2018 entitled *"Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo! Ng Komisyon sa Wikang Filipino*

**LEILANI S. CUNANAN, CESO V**
Schools Division Superintendent

*lvl/chiefsgod*

CX # 199

Advisory No. 052, s. 2019
Abril 10, 2018
In compliance with DepEd Order No. 8, 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
*(Visit www.deped.gov.ph)*

PAMBANSANG PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO!
NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), sa pakikipagtulungan ng Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL), ay magsasagawa ng Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo! mula Hunyo hanggang Nobyembre, 2019.

Ang layunin ng paligsahan ay ang mga sumusunod:

1. malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong ispeling ng mga salita na sumusunod sa bagong ortograpiyang pambansa, at
2. maisapanahon ang kaalaman ng mga guro at mag-aaral sa Filipino.

Ang maaring lumahok ay mga mag-aaral sa Baitang 6 sa tulong at suporta ng mga guro, superbisor, at tagapamanihala ng mga paaralan sa bawat sangay ng 17 na mga rehiyon sa buong bansa.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kay:


John Enrico C. Torralba
Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2/P, Gusaling Watson
1610 Jose P, Laurel Street, San Miguel, Manila 1005
Telepono: (02) 243-9789, (02) 736-2519,
(02) 736-2525 lokal 107
Telefax: (02) 516-0326
Mobile: 0908-697-8491
Email: sangaysalinkwf@gmail.com
komisyonsawika@gmail.com
Website: www.kwf.gov.ph


MCDJ, Pambansang Paligsahan sa Ispeling: IISPEL MO!
0094 – Abril 5, 2019

Republika ng Filipinas
Tanggapan ng Pangulo
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

16 Hulyo 2019

Dr. LEILANI S. CUNANAN
Superintendent
Sangay ng Lungsod Angeles
DepED, REHIYON 3
Lungsod Angeles, Pampanga

**Mahal na Dr. Cunanan:**

Magalang naming hinihiling ang inyong pakikipagtulungan sa pagdaraos ng **Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo!** sa mga paaralan ng inyong sangay.

Ang paligsahan ay maaaring idaos sa inyong pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa na may DepEd Memorandum Blg. 079, s. 2019 at may petsang 24 Hunyo 2019. Ang Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL) ang katuwang ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa gawaing ito.

Ito ay taunang paligsahan sa ispeling para sa mga mag-aaral sa Ikaanim na Baitang (Grade 6) sa antas elementarya ng mga publiko at pribadong mga paaralan. Layunin nitong malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong ispeling sa wikang Filipino gamit ang Ortograpiyang Pambansa (OP).

Kalakip nito ang kopya ng liham ng KWF sa inyong Panrehiyong Direktor, DepED ADVISORY No. 052, s. 2019 na may petsang 10 Abril 2019, Form ng Pagpapatala ng Kalahok, at **Patnubay sa Pagdaraos ng Iispel Mo!**

Umaasa kami sa inyong kooperasyon at suporta para sa ikatatagumpay ng proyektong ito sa inyong rehiyon at mga sangay.

Para sa ibang mga katanungan makipag-ugnay o tumawag kina: John Enrico C. Torralba at Sandor B. Abad sa telepono bilang **(02) 243-9789 ;** mobile nos**. 0956 6154151;** at mag-email sa **sangaysalinkwf@gmail.com.**

Sumasainyo,

*Virgilio S. Almario*

**VIRGILIO S. ALMARIO, National Artist**
Tagapangulo

Mga Kalakip:
DepED ADVISORY NO. 052, s. 2019 na may petsang 10 Abril 2019
Patnubay sa Pagdaraos ng Iispel Mo!
Form sa Pagpapatala ng Kalahok

2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye JP Laurel, Malacañang Palace Complex, San Miguel, 1005 Maynila
(02) 736-2519 – SEN; (02) 736-2525 – trunkline • www.kwf.gov.ph • komisyonsawika@gmail.com

# PATNUBAY SA PAGDARAOS NG IISPEL MO!

## 1.TUNGKOL SA PALIGSAHAN

Ang **Iispel Mo**! ay taunang pambansang paligsahan sa pagbaybay. Layunin nitong malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong ispeling sa wikang Filipino gamit ang Ortogapiyang Pambansa (OP). Itinataguyod ito ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL), at Kagawaran ng Edukasyon (DepEd).

## 2. MGA KALAHOK

Ang mga kalahok ay kailangan nasa Ikaanim na Baitang (Grade 6) at may mabuting katayuan sa paaralan na pinatutunayan ng kaniyang principal. Nakahandang sumunod sa mga panuntunan ng paligsahan. Sa mga nais lumahok sa tatlong (3) level:

**2.1 Division Level**

Sa pamamagitan ng Division Supervisor sa Filipino, maaaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Schools Division Superintendent (SDS) sa kanilang division.

- Isang (1) mag-aaral sa Ikaanim na Baitang (Grade 6) mula sa mga paaralang publiko at pribado.
- Isang (1) kalahok lamang sa bawat paaralan ang maaaring lumahok

**2.2 Regional Level**

- Mga nanalo sa division level
- Isang (1) kalahok lamang sa bawat division ang maaaring lumahok

**2.3 National Level**

- Mga nanalo sa regional level
- Isang (1) kalahok lamang sa bawat rehiyon ang maaaring lumahok.

Bawat rehiyon na lalahok sa national level ay bubuoin ng apat (4) na delegado:

- isang (1) mag-aaral na kakatawan sa rehiyon
- isang (1) tagapagsanay (coach) ng nanalo
- isang (1) division supervisor ng nanalong division
- isang (1) regional supervisor sa Filipino

## 3. MGA GANTIMPALA

Ang mga mananalo sa division ay tatanggap ng **Sertipiko ng Paglahok** mula sa kaniyang division. Samantala, pagkakalooban ng **medalya** ang **unang tatlong (3) mananalo** sa regional level mula sa KWF.

Ipagkakaloob ng KWF sa mga mananalo sa National Level ng paligsahan ang sumusunod:

**SA MAG-AARAL**

| | | |
|---|---|---|
| Unang Gantimpala .......... | PhP35,000.00 | at medalya; tropeo para sa rehiyon |
| Ikalawang Gantimpala..... | PhP25,000.00 | at medalya; tropeo para sa rehiyon |
| IkatlongGantimpala......... | PhP15,000.00 | at medalya; tropeo para sa rehiyon |
| Ikaapat na Gantimpala... | PhP10,000.00 | at sertipiko; plake para sa rehiyon |
| Ikalimang Gantimpala...... | PhP5,000.00 | at sertipiko; plake para sa rehiyon |

**SA TAGAPAGSANAY**

| | | |
|---|---|---|
| Unang Gantimpala...... | PhP8,000.00 | less 20% tax at sertipiko |
| Ikalawang Gantimpala | PhP6,000.00 | less 20% tax at sertipiko |
| Ikatlong Gantimpala... | PhP4,000.00 | less 20% tax at sertipiko |
| Ikaapat na Gantimpala | PhP3,000.00 | less 20% tax at sertipiko |
| Ikalimang Gantimpala.. | PhP2,000.00 | less 20% tax at sertipiko |

Pagkakalooban ng KWF ang lahat ng rehiyon na may kalahok ng **Plake ng Pagpapahalaga**

## 4. MEKANIKS NG PALIGSAHAN

4.1 Ang wastong pagbaybay ng mga gagamiting salita ay kailangan alinsunod sa KWF Ortograpiyang Pambansa (OP) at KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat sa Filipino (MMP) bilang mga sangguniang-aklat.

4.2 Ang maghahanda ng mga gagamiting salita sa division level ay ang Division Supervisor sa Filipino at ang Regional Supervisor naman para sa regional level. Samantala, ang KWF ang maghahanda ng mga salita para sa national level ng paligsahan.

4.3 Tatlo (3) ang bilang ng hurado na walang kaugnayan sa sinumang kalahok ang hahatol sa mga sagot ng bawat kalahok.

# Ikaapat na Pambansang Paligsahan sa Ispeling: IISPEL MO!

**(DepEd ADVISORY No. 052, s. 2019 na may petsang 10 Abril 2019)**

30 Nobyembre 2019
SEAMEO INNOTECH, Pearl Hall, Commonwealth Avenue, Diliman, Lungsod Quezon

## FORM SA PAGPAPATALA NG KALAHOK
(Registration Form)

PANGALAN ____________________________________________
(Una) (Gitna) (Apelyido)

KASARIAN (Paki-tsek) BABAE __________ LALAKI ______________ EDAD __________

PETSA NG KAPANGANAKAN __________ LUGAR ______________________

ADRES NG TIRAHAN ____________________________________________

____________________________________________

Tel. Nos. Landline ______________ Mobile Nos. ______________ Email ______________

PAARALAN ____________________________________________

ADRES NG PAARALAN ____________________________________________

____________________________________________

SANGAY ______________________________ REHIYON ______________

PANGALAN NG TAGAPAGSANAY (COACH) ______________________________

ADRES ______________________________ Mobile Nos. ______________

Email ______________________________ Landline Nos. ______________

______________________
LAGDA NG TAGAPAGSANAY

______________________
LAGDA NG KALAHOK

PETSA: ______________

PETSA: ______________

PICTURE

PICTURE

Ipadala sa adres:
John Enrico C. Torralba
Komisyon sa Wikang Filipino
2/F Gusaling Watson, Malacañang Complex
J.P. Laurel Street, San Miguel Maynila 1005
Email ad: sangaysalinkwf@gmail.com o komisyonsawika@gmail.com